


EPP-IA

Modyul 6:

Paggawa ng Disenyo o Produktong Gawa sa Kahoy, Lata, at Iba Pang Materyales na Nakukuha sa Pamayanan



**EPP-IA Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Modyul 6: Paggawa ng Disenyo o Produktong Gawa sa Kahoy, Lata, At Iba Pang
Materyales na Nakukuha sa Pamayanan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Babilene R. Bascuña

Editor: Bavie F. Dela Rama

Tagasuri: Filip P. Cañas

Tagaguhit: Allan Victor Misalucha

Tagalapat: Filip P. Cañas

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr.

Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez,

Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: deped.rov@deped.gov.ph

EPP-IA

Modyul 6:

Paggawa ng Disenyo o Produktong Gawa sa Kahoy, Lata, At Iba Pang Materyales na Nakukuha sa Pamayanan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul na ito ay malalaman mo ang paggawa ng mga disenyo o produktong gawa sa kahoy, lata at iba pang materyales na makukuha sa pamayanan. Matututunan mo din ang paggawa ng mga plano sa paggawa ng proyekto o disenyo. Malalaman mo rin ang mga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa. Mahalagang magkaroon ka ng kaalaman sa mga paraan ng pag-iwas sa anumang sakunang maaaring maganap sa oras ng paggawa.

Inaasahang naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

- nakagagawa ng sariling disenyo sa pagbuo o pagbabago ng produktong gawa sa kahoy, ceramics, karton, o lata (o mga materyales na nakukuha sa pamayanan) Nakikilala ang mga materyales na maaaring iresaykel sa pagbuo ng naidesenyong proyekto.
- nasusunod ang mga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa.
- Nasusuri ang nabuong proyekto batay sa sariling puna at ng iba gamit ang rubrics.




Subukin

Basahin at unawain natin...!

Ang ating kapaligiran ay sagana sa mga bagay na maaari nating gamitin para makabuo tayo ng panibagong proyekto na kapaki-pakinabang.

Gamit ang mga ito, ano ang maaari mong mabuo/magawa?




Ano naman ang mga materyales o kagamitan na dapat gamitin sa paggawa ng proyekto? Paano mo ito maiingatn?

Aralin

6

INDUSTRIAL ARTS: Paggawa ng Disenyo o Produktong Gawa sa Kahoy, Lata, At Iba Pang Materyales na Nakukuha sa Pamayanan



Balikan

Isa sa makukulay na pagdiriwang sa Pilipinas ay ang “Panagbengga” Festival sa Baguio City. Isa ka sa nahalina sa magagandang kulay ng mga bulaklak na ginamit sa kanilang float parade, gusto mong gayahin ito sa iyong gagawing proyekto, anong Productivity Tool ang gagamitin mo para maganda ang mga kulay nito? Bakit?

PANAGBENGGA
FESTIVAL



Baguio City



Tuklasin

Sa panahon ngayon mahirap ang pamumuhay, mas maigi kung marunong tayong magtipid at gumawa ng mga bagay na kapaki-pakinabang na makakakutulong sa ating pang-araw-araw na buhay. Ang paggawa ng produkto galing sa pagreresaykel ng mga bagay - bagay ay isang paraan ng pagtitipid at pagpahusay ng mga kakayahan.

Sa paggawa ng proyekto kailangan ang masusing pagpapalano. Ito ay magsisilbing gabay sa bawat hakbang na ating gagawin gayundin ito rin ay isang paraan upang makatipid sa mga gagamiting materyales sapagkat maiiwasan ang pagsasayang ng mga ito. Bago gumawa ng proyekto, kailangan may nakahandang maganda at maayos na plano upang maging lubos na kapaki-pakinabang ang proyektong matatapos.

Narito ang dapat sundin sa paggawa ng plano sa gagawing proyekto o disenyo;

Pangalan: _____

Baitang/Pangkat: _____

Pangalan ng Proyekto: _____

I. Proyekto ng Bilang:

II. Mga layunin:

III. Sketch:

IV. Mga Kagamitan/talaan ng Materyales:

IV. Pamamaraan/Hakbang sa Paggawa:

VI. Talaan ng Kasangkapan:

Halimbawa ng Plano ng Proyekto

PENCIL/PEN HOLDER

Pangalan: Jaica B. Dela Cruz

Baitang/Pangkat: Grade IV - Rose

Pangalan ng Proyekto: Pencil/Pen holder

I. Proyekto ng Bilang: I

II. Mga layunin:

- a. Makabuo ng proyekto o disenyo gawa sa lata at papel
- b. Makabuo ng proyekto na makukuha sa aming pamayanan
- c. Makagawa ng proyekto na magagamit sa ating paaralan.

III. Sketch/Larawan:


IV. Mga Kagamitan/Talaan ng Materyales:

- a. lata
- b. papel/colored paper
- c. pandikit
- d. gunting


IV. Pamamaraan/Hakbang sa Paggawa:

- a. Kumuha ng lata na hindi na nagagamit gaya ng lata ng gatas, sardinas at iba pa.
- b. Linisan ang nakuhang latang gagamitin sa proyekto.
- c. Kumuha ng papel na gagamiting pang dekorasyon sa lata. Maaaring gumawa ng kahit na anong disenyo ang inyong gugustuhin upang maging maayos at maganda ang inyong gagawin.
- d. Idikit ang ginawang disenyong papel sa lata at patuyuin ito.
- e. Maaari na itong gamitin, lalagyan ng inyong ballpen at lapis sa bahay man o paaralan.


Narito ang mga bagay - bagay na maaaring gamitin sa pag resaykel;



a. **Lata ng gatas o sardinas** – maaari itong gawing pen holder, flower vase o kaya naman gawing taniman ng mga halaman lalo kung walang lugar na mapagtaniman.




b. **Kahon** – Maaari itong gawing mga lalagyan ng damit, proyekto sa paaralan o kaya naman mga laruan ng mga bata.



c. **Tansan ng mga softdrinks** – maaaring gawing punasan ng paa, o kaya naman musical instrument tulad ng tambourine o kaya laruang pambata.




d. **Candy wrappers** – maaaring gawin itong mga bulaklak o kaya naman gupit-gupitin ang mga ito para makagawa ng mga throw pillows at iba pang mga palamuti.




e. **Lumang gulong ng sasakyan** – ito ay maaaring gawing paso ng mga halaman, basurahan, at punasan ng paa.

Marami din mga materyales na makikita sa ating kapaligiran na maaaring gamitin upang higit na makagawa ng matibay at magandang proyekto na maaari ding ipagbili sa mataas na halaga.



1. **Tabla at kahoy** - ang mesang kinakainan, silyang inuupuan at aparador na ginagamit bilang lalagyan ng iba't - ibang kagamitan, dingding at kesame ay ilan lamang sa gamit nito.




2. **Abaka** – isang uri ng halaman na nahahawig sa puno ng saging maliban sa mga dahon dahil mas malapad kaysa saging. Ang hibla nito ay siyang ginagamit sa paggawa ng basket, punasan ng paa, tsinelas, sinturon, mga palamuti at iba pa.



3. **Niyog** – ito ay tinatawag ding “Puno ng Buhay” dahil ang bawat bahagi nito ay may sadyang gamit. Mainam gawing gamot ang ugat nito at maaari ring gawing pangkulay. Ang mga hibla ng bunot ay ginagawang lubid, bag at pahiran ng paa. Ang puno nman nito ay karaniwang ginagawang haligi ng bahay.




4. **Pandan** – Ito ay karaniwang tumutubo sa gilid ng pampang kung saan ay mabuhangin o sa mga gilid ng bundok o malapit sa lawa o latian. Ang dahon nito ay nahahawig sa dahon ng pinya. Mainam itong gamitin sa paggawa ng banig, sapin sa plato, sombrero, bag, tsinelas, tampipi at iba pa.




5. **Buri** – isa sa pinakamalaki sa palmera na tumutubo sa bansang Pilipinas. Ang mga nagagawang hibla ng buri ay kinukuha sa mga murang dahon at ginagawang sombrero, pamaypay, bag, lubid at iba pa.




6. **Nito** – isang uri ng pako o fern na may dahon, ugat at tangkay, ngunit walang bulaklak at buto. Makikita itong tumutubo nang pagapang at pumupulupot na animo’y baging. Ginagamit itong pantahi sa mga gilid ng bilao, basket, bag at iba pang gamit sa pampalamuti.



7. **Nipa** – isang uri ng palmera na tumutubo sa ilang lalawigan tulad ng Pampanga, Cebu, Cagayan, at Mindoro. Ito ay tumutubo sa mga tubigan, ang mga mura at hindi pa buwang dahon ay tinitipon nang hiwalay at pinapatuyo sa araw. Ginagamit ang mga ito sa paggawa ng mga kapote at pamaypay. Ang mga magugulang na dahon naman ay ginagamit na pang – atip sa bahay.



8. **Rattan** – Ang halamang ito ay tumutubo sa halos lahat ng lalawigan. Kilala sa tawag na yantok, at ginagamit sa paggawa ng mga muwebles, bag, basket, duyan at mga palamuti.



9. **Damo** – Kilala sa mga damo na may halaga ang vetiver at tambo. Ang damong Veviter at karaniwang tumutubo sa mga latian at pampang. nag mga ugat ay inilulubog sa tubig sa loob ng 20 minuto at saka babayuhin upang maalis o matanggal ang balat. Ito’y gingamit sa paggawa ng mga pamaypay dahil sa kaaya – aya ang amoy nito. Ang tambo naman ay mainam gamitin sa paggawa ng mga walis.

Sa paggawa ng mga produkto o proyekto ay mayroon din dapat isa alang - alang sa pag – aalaga nito at mga kagamitan na ginamit.

1. Ilagay sa tamang lalagyan ang mga kagamitang ginamit sa pagbuo ng proyekto upang madaling mahanap kapag gagamitin at hindi mawala at masira agad.
2. Pangalagaan ang mga materyales sa ating kapaligiran upang ito ay maging kapakipakinabang at makatulong sa ating mga pangangailangan.
3. Maging matipid at malikhain sa paggawa upang ito ay maibenta ng maayos at magamit ng matagal.

Narito din ang mga panuntunang pangkaligtasan at pagkalusugan sa paggawa. Mahalagang magkaroon ka ng kaalaman sa mga paraan ng pag –iwas sa anumang sakunang maaring maganap sa oras ng paggawa.

Panunutunan sa paggawa ng disenyo o proyekto.

1. Panatiliing malinis ang pagawaang lugar.
2. Sundin ang tamang sukat sa paggawa ng proyekto.
3. Huwag tipirin ang mga sangkap/kagamitan na gagamitin.
4. Siguraduhing malinis ang mga kamay bago magtrabaho.
5. Kailangan busog, malinis sa katawan at angkop ang suot o gamit bago magsimula sa paggawa.
6. Kung gagamit ng elektrisidad siguraduhing maayos ang koneksyon nito at may patnubay sa nakatatanda sa iyo o sinumang miyembro ng inyong pamilya.
7. Gumamit ng naaangkop na kagamitan sa gagawing proyekto at isaalang – alang ang maingat na paggamit.



Suriin


- ✓ Gumawa ng plano ng inyong proyektong gagawin sa inyong kwaderno.
- ✓ Sa inyong pamayanan anong materyales ang maaaring gawing produkto o proyekto na makakatulong sa inyong buhay?
- ✓ Gumawa ng isang kapaki-pakinabang na proyekto na ayon sa iyong sariling disenyo gamit ang mga materyales na matatagpuan sa inyong pamayanan.
- ✓ Suriin and natapos at nabuong proyekto batay sa sariling puna at ng iba gamit ang rubrics sa ibaba.
- ✓ Isulat din sa loob ng kahon ang mga pangalan ng materyales na ginamit at iguhit ang nabuong proyekto dito.

MGA MATERYALES NA GINAMIT

GUHIT NG NABUONG PROYEKTO

RUBRICS SA PAGSUSURI NG NATAPOS NA PROYEKTO

- Materyales na ginamit (matatagpuan sa pamayanan) – **20%**
- Kalinisan / kaayusan ng gawa – **20 %**
- Pagkamalikhain – **20%**
- Kapakinabangan ng natapos na proyekto – **20%**
- Kabuuang anyo – **20%**



Pagyamanin

I. Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagsunod sa tamang panuntunan sa paggawa at ekis (X) kung hindi.

- ___ 1. Panatilihing malinis ang lugar ng pagawaan.
- ___ 2. Makipagkuwentuhan habang gumagawa.
- ___ 3. Gumamit ng tamang kasangkapan na gagamitin sa paggawa.
- ___ 4. Ilagay sa mesa ang mga matutulis na kasangkapang ginamit.
- ___ 5. Magsuot ng damit pantrabaho tulad ng hairnet at apron.

II. Kilalanin ang tinutukoy na materyales ng bawat pangungusap.

- _____ 1. Ito ay isang uri ng pako o fern na may dahon, ugat at tangkay ngunit walang bulaklak at buto. Ginagamit din itong pantahi sa mga gilid ng bilao, basket, at iba pang palamuti.
- _____ 2. Mahahaba at malalapad ang mga dahon nito na nahahawig sa mga dahon ng pinya. Mainam itong gamitin sa paggawa ng banig, sapin sa plato, sombrero, bag at iba pa.
- _____ 3. Ito ay isang bahagi ng sasakyan na maaaring gawing paso, basurahan at punasan ng paa.
- _____ 4. Ito ay ginagamit sa paggawa ng mesa, silya, aparador at iba pang kagamitang pambahay.

_____ 5. Ito ay maaaring gawing laruan o kaya naman musical instrument tulad ng tambourine.



Isaisip

Sa paggawa ng proyekto o disenyo ating alalahanin na gumawa muna ng plano ng proyektong gagawin upang maging gabay ito sa inyong paggawa.


Maraming mga materyales na matatagpuan sa ating pamayanan na maaaring magamit sa pagbuo ng kapaki-pakinabang na proyekto kung magiging malikhain, masipag, at matiyaga lamang tayo ay tiyak na aasenso ang buhay.

Alalahanin ang mga panuntunan sa pangkaligtasan at pangkalusugan na dapat sundin habang gumagawa upang maiwasan ang anumang kapahamakan o disgrasya.




Isagawa


Gumuhit ng mga halimbawa ng mga bagay na gawa sa mga materyales na ito sa loob ng kahon.




Candy wrappers



Kahon



gulong



nito







tabla o kahoy



Pandan



rattan



abaka



Tayahin

Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ito ay dapat gawin at ekis (X) kung hindi dapat.

- _____ 1. Gumamit ng kasangkapang angkop sa bawat gawain.
- _____ 2. Ilagay sa bulsa ang mga kagamitan at kasangkapang matutulis.
- _____ 3. Ingatan ang paggamit ng matalas na kagamitan at kasangkapan.
- _____ 4. Makipaglaro habang gumagawa.
- _____ 5. Maghintay ng pagkakataon sa paggamit ng kasangkapan kapag ito'y kulang.



Karagdagang Gawain

I. Gumawa ng poster tungkol sa mga dapat tandaan upang maging ligtas sa anumang gawaing isinasakatuparan. Gawin ito sa ibaba ng modyul.

Krayterya/Rubrics

- a. Nasa Tema at angkop ang nilalaman ng poster = 50%
- b. Malinis ang pagkakagawa = 30%
- c. Nagawa sa angkop na oras = 20%

II. Gamit ang mga bagay na maaaring iresaykel o ibang materyales na matatagpuan sa inyong bahay o bakuran, gumawa ng isa pang kapaki-pakinabang na produkto o proyekto.



Susi sa Pagwawasto

I.	
PAGYAMANIN	I.
1. Nito	✓
2. Pandan	X
3. Lumang gulong	✓
4. Tabla	X
5. Tansan	✓
II	

I.	
TAYAHIN	
1. ✓	
2. X	
3. ✓	
4. X	

Sanggunian

Sheila Mae R. Roson, Roberto B. Torres, Randy R. Emen, 2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Kagamitan ng Mag – aaral*, Pasig City Philippines 1600: Vibal Group Incorporated.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph